# *Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 8*
# *Pahayag Kabanata 1-4*
# *Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – ang Masidhing Kagalakan*

Ang aklat ng Pahayag, ay ipinahayag ang pangitain na ipinahayag ng Dios kay Apostol Juan tungkol sa kung anong magaganap sa huling panahon. Ating basahin at pagnilayan.

***"1 Ang Apocalipsis ni Jesucristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan;*** (Ito ang pahayag o pangitain ni JesuCristo, na ibinigay ng Dios sa Kanya upang ipakita ito sa Kanyang mga alagad tungkol sa mga bagay na magaganap sa hinaharap. Ibinigay ni Jesus ang Kanyang pangitain kay Apostol Juan upang ipadala ang pangitaing ito sa mga simbahan ni Cristo. Ang pangitaing ito ay para sa atin din, kaya kailangan nating seryosohon ang nilalaman ito). ***2 Na sumaksi sa salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesucristo, sa lahat ng mga bagay na nakita niya.*** (Sa pahayag na ito ni Juan ay ipinaalam at ipinadala sa lahat sa pamamagitan ng pagsusulat; maging sa atin ngayon. Itinala ni Juan ang Salita ng Dios at ang patotoo ni Jesus, sapagkat itinala ni Juan ang lahat ng kanyang nakita at narinig sa pahayag na ito. Sa parehong paan, anuman ang ating natatanggap mula sa Panginoon kailangang tapat nating ipasa sa iba bilang inatasan tayo sa kailangan nating gawin. ***3 Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na.*** (Isinulat niya, na ang mga magbabasa at makikinig sa mga sinasabi ng hulang ito at tutuparin ang sinasabi nito ay pagpapalain. Kaya gaya ng binasa at narinig mo ang Salita ng Dios at tinupad at iningatan ang Kanyang mag utos kung gayo'y ikaw pagpapalain. Ang Aklat ng Pahayag ay isang propesiyang aklat na sinasabi ang tungkol sa magaganap sa hinaharap sa wakas ng panahon at sa pagbabalik ni Cristo.) ***4 Si Juan sa pitong iglesia na nasa Asia: Biyaya ang sumainyo nawa, at kapayapaang mula doon sa kaniya na ngayon, at nang nakaraan at darating; at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng kaniyang luklukan;***(Sinulat ni Juan ang hula at ipinamala ito sa pitong mga simbahan sa nasa Asia; na ayon sa talata 11 ang mga ito ay ang simbahan ng Epseo, Smyrna, Fergamos, Tiatira, Filadelpia at Laodecia. Ipinadala ni Juan ang kannyang pagbati sa kanila, sa biyaya ng Dios, at sa kapayapaan ni Jesus, Sa parehong paraan, kailangan nating ipasa sa iba ang iniutos ni Jesus sa atin upang ihatid sa kanila, at kailangan nating gawin ito nang tama at kaagad, Ating ipaliwanag pa ang talata 4; ***"mula doon sa kaniya na ngayon,*** nangangahulugang mula sa Dios Ama ***"nang nakaraan"*** nangangahulugangang ang Lumikha ng Langit at lupa: ***"at darating"*** nangangahulugang isa sa maghuhukom sa nangabubuhay at nangamatay. ***" at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng kaniyang luklukan;"*** dahil ang pahayag ni Juan na tinanggap mula sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nagdala ng pangitaing ito o pahayag kay Juan. Nang sinabing ***"at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng kaniyang luklukan;"*** hindi ibig sabihin na mayroong pitong Espiritu, ngunit iyon ang paraan upang ilarawan ang pitong mga simbahan sa Asya.) ***5 At mula kay Jesucristo na siyang saksing tapat, na panganay sa mga patay, at pangulo ng mga hari sa lupa. Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo;*** (si JesuCristo ay ang ***"saksing tapat,"*** batay sa ginawa Niya sa lupa; si Jesus ang dakilang saksi ng Dios, sapagkat kay Jesus nagawa nating makilala kung sino ang Dios, ***"at panganay sa mga patay,"*** na nangangahulungang si Jesus ang unang bunga mula sa mga patay sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay. ***"at pangulo ng mga hari sa lupa";*** Siya ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon. ***"Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo;"*** Iniibig tayo ni Jesus bilang namatay Siya para sa atin sa krus; at ang Kanyang dugo na ibinuhos sa krus hinugasan Niya tayo mula sa ating mga kasalanan. Hindi lamang iyon ginawa Niya tayong mga hari upang pamahalaan kasama Niya at mga seserdote upang magministerio sa harap Niya gaya ng mababasa natin:) ***"6 At ginawa tayong kaharian, mga saserdote sa kaniyang Dios at Ama; sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kailan man. Siya nawa.*** (Samakatuwid ang kaluwalhatian ay sa Kanya, at maging handa tayo at ihanda ang ating sarili sa pagpapatuloy na matakot sa Dios, pamumuhay sa kabanalan at paglilingkod sa Panginoon, upang kapag Siya ay dumating tayo ay kukunin sa pamamagitan Niya sa Langit). ***7 Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa.*** (Sinasabi dito ang tungkol sa pangalawang pagparito ni Cristo; si Cristo ay paparito na nasasa mga alapaap, bawat mga mata ay makikita Siya, ibig sabihin alam ng lahat ang Kanyang pagbabalik; ang mga nagsitulos sa Kanya ay makikita Siya; ibig sabihin ang mga namumuhi sa Kanya ay mababatid kapag Siya ay dumating na may kaluwalhatian, at ang lahat ng mga bansa ng sanglibutan mananaghoy at mananangis dahil sa paghuhukom na lilipol sa kanila sa Kanyang pangalawang pagparito. Kaya tayo'y maging handa at handa dahil sa Kanyang pagparito dadalhin Niya ang paghuhukom ng Dios sa masasama at gagantimpala ng Dios sa matutuwid.) ***8 Ako ang Alpha at ang Omega, sabi ng Panginoong Dios, ngayon at nang nakaraan at sa darating, ang Makapangyarihan sa lahat.*** Si Jesus ay ang Alpha, ibig sabihin ang pasimula, at ang Omega, ibig sabihin katapusan. Siya ang Makapangyarihang Panginoon, ***"mula doon sa kaniya na ngayon,"*** nangangahulugang si Jesus Siya ngayon ay nasa kanang kamay ng Dios Ama, ***"at nang nakaraan",*** na pumarito sa lupa at namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, nabuhay na maguli at pumunta sa Langit, ***"at darating;***

ibig sabihin si Jesus ay darating upang hatulan ang nangabubuhay at nangamatay. Kaya at mula ngayon tiyakin na ikaw ay handa upang iwasan ang paghuhukom ng Dios sa pagbabalik ni Jesu Cristo.) ***9 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong karamay sa kapighatian at sa kaharian at sa pagtitiis na kay Jesus, ay nasasa pulo na tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Dios at sa patotoo ni Jesus.*** ( Sa nauna sa talata 1 ipinakilala si Juan bilang lingkod ng Dios at Kanyang Cristo, ngunit sa talatang ito sinasabi niya sa pitong simbahan at sa lahat ng nanampalataya at maging sa atin ngayon, na siya ay ating kapatid, pantay sa lahat ng bayan ng Dios, at maging sa atin ngayon. Sinabi ni Juan na siya ay "***karamay natin siya sa ating kapighatian***", na nangangahulugang na kailangan nating maunaaan at tanggapin ang konsepto ng pagdurusa at pagdaan sa mga pagsubok bilang itinalaga natin ang ating sarili na mamuhay para kay Cristo. Ang gayong saloobin na isinulong ni Juan ay sapilitan upang maging isang kandidato, ***"sa kaharian at sa pagtitiis na kay Jesus;*** na kailangan nating magtiyag, magtiis at magkaroong ng mahabang pagdurusa sa mga manyayari sa buhay at patuloy na gawin ang tama at matuwid. Si Juan ay nasa kulungan, nagdusa sa pag uusig dahil sa Salita ng Dios, at para sa kanyang patotoo at pagsaksi ay tungkol kay Jesus, Siya ay inihiwalay sa pulo ng Patmos. Ang kapareho na maari nating pagdaanan at kailangan nating tanggapin iyon; kung nais nating mamuhay sa isang makaDios na buhay para kay Cristo, kung gayon pag uusigin tayo gaya ng mababasa natin dito, ***"12 Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig." (2 Timoteo 3:12 KJV) 10 Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at narinig ko sa aking likuran ang dakilang tinig, na tulad sa isang pakakak.*** (Natanggap ni Juan ang pangitain sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at hindi sa laman habang tinatanggap Niya ang pangitain. Kaya kung nais mong makatanggap ng mga pangitain at pahayag mula sa Dios kung gayo'y kailangan mong mamuhay sa Espiritu at hindi dahil sa laman at sa mga makasalanang kalikasan nito at kagustuhan. Tinanggap Niya ang pangitain sa araw ng Panginoon, ang parehong araw ng linggo na nabuhay si Jesus mula sa araw, ng Linggo, narinig ni Juan ang isang tinig sa likuran niya.) ***11 Na nagsasabi, Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang aklat at iyong ipadala sa pitong iglesia: sa Efeso, at sa Smirna, at sa Pergamo, at sa Tiatira, at sa Sardis, at sa Filadelfia, at sa Laodicea.*** (Si Jesus ang nagsasalitang iyon sa kanya, at inutusan siya na isulat ang maririnig niya at ipadala ang sulat sa pitong simbahan. Si Jesus ay maaring magsalita sa iyo sa isang maririnig na tinig, ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.) ***12 At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto:*** Sa pagdinig ng tinig lumingon si Juan upang makita kung sino ang nagsasalita sa kanya, at nakita niya ang ***"pitong kandelerong ginto"*** na ang mga pitong simbahan na sinabi ni Jesus ang tungkol doon sa talata 20 gaya ng mababasa natin dito, ***"at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia."*** Nang lumingon si Jesus upang makita ang pinagmulan ng tinig inaasahan na makikita niya si Jesus, ngunit sa halip nakita niya ang pitong simbahan, na ang ibig sabihin ay gusto ni Jesus na pagtuunan niya ng pansin ang pagpapadala ng mensahe sa mga simbahang iyon. Sa gayon ding paraan, kailangan mong kupkupin at maunawaan kung ano ang nais ni Jesus na pagtuunan mo ng pansin, at ito ang susunod mong atas.) ***13 At sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad ng isang anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto.*** Nakita dito ni Juan si Jesus sa kalagitnaan ng pitong simbahang iyon, na may suot na damit gaya ng inilarawan,) ***14 At ang kaniyang ulo at ang kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy;*** (Ang mga mata ni Jesus ay gaya ng mga ningas ng apoy, upang hatulan ang sanglibutan at ibigay ang matatag at mabagsik na larawan ng Kanyang mukha sa mga tumanggap ng sulat ng pangitaing ito, na maaring silang makinig at magsisi. Kaya kuning mabutin ang mensahe, magsisi, baguhin ang iyong mga landas, at simulang mamuhay sa kabanalan, inihahanda ang iyong sarili upang maging na kunin sa Kanyang pagparito.) ***15 At ang kaniyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang kaniyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig.*** (Ang hitsura ng mga paa ni Jesus na tanso ay nagdagdag sa kabangisan ng mensahe na tila ito ay lumabas mula sa isang nagniningas na hurno, na may tinig Niya na parang tunog ng nagngangalit na dagat. Ang lahat ng ito ay upang ibahagi ang takot sa Dios at ang Kanyang katakut takot sa Kanyang mga simbahan at sa mga tumatanggap ng pangitain, upang sila'y matakot sa Dios, magsisi, baguhin ang kanilang mga lakad at ihanda ang kanilang sarili upang salubungin Siya sa Kanyang pagbabalik.) ***"16 At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi.*** (Ayon sa talata 20 "***Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia:"*** Ang ibig niyang sabihin dito sa mga anghel ay ang pitong bituin sa kamay ni Jesus, na mga lingkod ni Jesus na namumuno sa pitong simbahang iyon. Ang pitong mga anghel; ang pitong namumuno na nasa kamay ni Jesus gaya ng mababasa natin dito, ***"At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin:"*** Kaya ang mga simbahan kabilang tayo sa kanila ay dapat matakot sa Kanya dahil maari Niyang harapin ang ating mga kasalanan sapagkat tayo ay nasa Kanyang kamay; at ang mga simbahan at kabilang tayo sa kanila ay dapat ding magtiwala sa Kanya na maari Niya tayong protektahan mula sa lahat ng ating mga kaaway gaya ng hawak Niya tayo sa Kanyang kanang kamay, bilang handa tayong manindigan at sumunod sa Kanya, Ang ***" dalawang tabak"*** ay ang tabak ng Espiritu na kung saan ang Salita ng Dios na ipinadala ni Jesus upang sabihin at ituwid ang Kanyang mga simbahan, at kaya kung paanong Siya ay nagniningning sa atin ang Kanyang mukha sa pagpapadala sa atin ng Kanyang Salita na nagbibigay sa atin ng liwanag gaya ng araw na nagbibigay ng liwanag sa atin at makita natin gaya ng mababasa natin dito, ***"at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi."*** Kaya, kunin natin ng mahalaga ang Kanyang Salita at ilapat ang mga ito sa ating buhay at isapamuhay ang mga ito

dahil sila'y magiging liwanag sa ating mga paa at tanglaw sa ating landas). ***17 At nang siya'y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan. At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli.*** (Nang nakita ni Juan si Jesus sa paraang inilarawan, hindi nyang makayang pamahalaan, sapagkat siya'y nagapi sa pagkatakot sa Panginoon, at nasubasob gaya ng patay sa paanan ni Jesus. Ngunit inaliw ni Jesus si Juan sa pagpapatong ng Kanyang kanang kamay sa Kanya; sinasabi sa kanya na huwag matakot dahil si Jesus sa pagiging una at ang huli ay sasa kanya, Sa parehong paraan, aaliwin tayo ni Jesus kapag tayo'y nagagapi at titiyakin Niya sa atin na habang natatakot tayo sa Kanya, Siya ay nariyan upang protektahan tayo at pangngalagaan tayo at ilalaan ang ating pangagaialangan.) ***18 At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.*** (Ipinahayag dito ni Jesus na Siya ay nabubuhay, Siya ay namatay, ngunit Siya ay mabubuhay mula sa mga patay, at Siya'y mamatay muli ngunit mabubuhay Siya magpakailanaman dahil siya ay may susi ng impierno at kamatayan. Ang katagumpayan ni Jesus sa krus ay nagpaalis ng lahat ng kapangyarihan at pinagtagumpayan ang lahat ng iyon, kasama ang kamatayan, at nakuha Niya maging ang mga susi ng impierno at kamatayan. Iyon ang katiyakan na mayroon tayo kay Jesus na ang kamatayan at impierno at hindi kayang managumpay sa atin habang itinalaga natin ang ating buhay na mamuhay ng lubos sa Kanya at sa Kanyang layunin.) ***19 Isulat mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating;*** (Inutusan ni Jesus si Juan na isulat ang pangitain at ang lahat ng mga bagay na ipapakita Niya sa kanya, upang ang lahat ng mga detalyeng iyon ay makakarating sa mga simbahan at makakarating din sa atin, upang matiyak na kapag nasa Kanya ang mga susi ng impiyerno at kamatayan, ang ating takot mula sa impiyerno at kamatayan ay mawawala kapag nagpasiya tayong tumalima at sundin si Jesus at gawin ang Kanyang mga utos. Samakatuwid, napakahalaga ng iyong pang araw araw na pagbabasa ng Bibliya dahil ang mga pangako ng Diyos sa Kanyang Salita ay magsisiguro sa iyo tungkol sa iyong kinabukasan at kung sino ang nagbabantay sa iyong buhay habang ipinangako mo ang iyong sarili na mabuhay para sa Kanya.) ***20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia.*** (Ang aklat ng paghahayag ay naglalaman ng mga hiwaga, ngunit ipinaliwanag ng Dios sa bawat isa sa atin ang bawat misteryo sa Kanyang Salita, kaya nga kailangan nating basahin at pag aralan hindi lamang ang aklat ng Pahayag kundi ang buong Bibliya. Ito ang paliwanag sa misteryo ng pitong mga pasimula at ang pitong gintong kandelero: ***"ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia."*** Ang mga anghel ng pitong iglesia ay ang mga lingkod ng Dios na nangunguna sa mga simbahang iyon, ***"ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia." (Pahayag 1:1-20 KJV)***

Sa ***Pahayag 2*** at ***3*** ay ipinaliwanag ng Panginoon kay Juan ang espirutuwal na mga kalagayan ng bawat isa ng mga simbahan ng Epeso, Symrna, Fergamis, Tiatira, Sardis, at Fildelpia, at Laodecia. Inilarawan niya kung anong magagandang bagay ang taglay nila at ang mga kapintasan na mayroon sila, bukod pa rito ang hinihingi sa bawat simbahan na gawin upang maabot ang pag asa ng Panginoong Jesucristo. Ang mga paglalarawang iyon ay maaari pa ring gamitin ngayon sa ating mga simbahan upang obserbahan ang mga kapintasan na dala ng mga simbahan at maging handa na itama ang mga ito sa ating pagsisikap at paghahanda upang salubungin ang Panginoon sa ulap kapag Siya ay dumating.

Sa ***Pahayag 4,*** ay ang pangitain na ipinakita ni Apostol Juan ang magaganap sa hinaharap gaya ng sinabi Niya sa kanya, ***"Umakyat ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na dapat mangyari sa haharapin."*** Inilarawan ng pangitain ang pagsamba sa Langit na malamang na maganap pagkatapos ng rapture, pagtitipon ng Lumang Tipan at ng mga banal sa Bagong Tipan ng Iglesia ng Dios na kinakatawan ng 24 na matatanda, at ng maraming tao na kumakatawan sa apat na hayop. Basahin at pagnilayan natin ang ***Pahayag 4:***

***"1 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang pintong bukas sa langit, at ang unang tinig na aking narinig, na gaya ng sa pakakak, na nakikipagusap sa akin, ay sa isang nagsasabi, Umakyat ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na dapat mangyari sa haharapin.*** (Si Juan matapos niyang makita ang isang bukas na pintuan sa Langit, at narinig niya ang isang tinig tulad ng tinig ng pakapak nag aanyaya sa kanya na lumapit at makita dahil ipapakita Niya sa Kanya ang magaganap kalaunan sa hinaharap.) ***2 Pagdaka'y napasa Espiritu ako: at narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo;*** (Si Juan ay kinuha sa pamamagitan ng Espiritu, at sa isang pangitain nakita niya ang luklukan at may isang nakaupo sa luklukan, ang Panginoong JesuCristo. Ang luklukan ni Cristo dito ay kumakatawan sa kapangyarihan na ibinigay sa Kanya. Si Jesus ay ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon; ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa Kanya at hindi sa iba. Kaya kailangan nating gumawa ng ating pangako mula ngayon upang maging ganap na tapat kay Jesus.) ***3 At ang nakaupo ay katulad ng isang batong jaspe at isang sardio: at naliligid ng isang bahaghari na tulad sa anyo ng isang Esmeralda.*** (Inilarawan dito ang mukha ni Cristo sa luklukan gaya ng nakita ni Juan.) ***4 At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda, na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto.*** (Dito, ang Simbahan ay na kay Cristo, nakaupo sa palibot ng Kanyang luklukan, dahil ang Simbahan ay naunang nagtipon upang salubungin Siya sa alapaap. Sila'y may ***"mapuputing damit;***

sumasagisag ng kalinisan at *"sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto".* Sumasagisag ng karangalan at kapangyarihan. Ang Simbahan ay nangatipon sa alapaap upang mapasa kay Cristo. Ang 24 na matatanda o ***"dalawangpu't apat"*** ay maaring isang bilang na ginamit dahil ito ay kumakatawan ng 12 mga Apostol ni Jesus, ang pundasyon ng Simbahan, at ang 12 lipi ng Israel na nanampalataya kay Cristo, ang Mesiyas. Kapwa bumubuo sa Simabahn na nagtipon kasama ni Cristo sa himpapawid sa tinatawag na rapture.) ***5 At mula sa luklukan ay may lumalabas na kidlat, at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan, na siyang pitong Espiritu ng Dios;*** (Ang luklukan ni Cristo ay ipinakita ang kapangyarihan na dadalhin niya ang katapusan ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng Kanyang paghuhukom, at ang bagong pasimula ng bagong Langit at bagong lupa; iyon ang mga bunga ng paghuhukom ng Pahayag ni JesuCristo. Ang kapangyarihan ng lukukan ni Jesus ay magdudulot ng paghatol na ito ay nagpatuloy sa kapangyarihang ipinakita sa pagkidlat, kulog at tinig, at pitong ilawang apoy na nakikitang liwanag, na nag-aalab sa harap ng luklukan na siyang pitong Espiritu ng Dios; bilang pito na ginagamit upang kumatawan sa pagiging sakdal.) ***6 At sa harapan ng luklukan, ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin; at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran.*** (Dati ang luklukan ay dagat ng bubog na malamang na kumakatawan sa maraming tao, at apat na hayop na iminungkahi ng ilan na sila ang mga taong naligtas, at magkakasama at tanging ang kanilang mga mata ang kinikilala; lahat ay magkakasama ay naroroon sa harap ng luklukan ng paghuhukom ni Cristo. Ito ay magaganap, at isang araw ay makikita natin ang ating sarili sa harapan ng luklukan ni Cristo para sa paghatol, samakatuwid kailangan nating maging napaka ingat kung paano ipamuhay ang ating buhay sa kabanalan kay Crito kung gayon kapag Siya ay pumarito makakatayo tayong may tiwala sa Kanyang harapan sa harap ng luklukan ng Hukuman ni Cristo upang tanggapin ating gantimpala mula sa Kanya. ***"9 Kaya't ang amin namang pinagsisikapan, maging sa tahanan man o di man, ay maging kalugodlugod kami sa kaniya. 10 Sapagka't tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama." (2 Corinto 5:9-10)***) ***7 At ang unang nilalang ay katulad ng isang leon, at ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang baka, at ang ikatlong nilalang ay may mukhang katulad ng sa isang tao, at ang ikaapat na nilalang ay katulad ng isang agila na lumilipad. 8 At ang apat na nilalang na buhay, na may anim na pakpak bawa't isa sa kanila, ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob; at sila'y walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, Banal, banal, banal, ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa lahat, na nabuhay at nabubuhay at siyang darating.9 At pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri, at nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man.*** Ang apat na nilalang ay hindi maipaliwanag na mga espirituwal na mga nilalang, na maaring kumakatawan sa maraming tao. Ang mga apat na mga nilalang ay inilarawan pa sa sa pamamagitan ng ilang nagpapahiwatig ng uri ng kanilang misyon at ng uri ng paghatol; isa na parang leon; maaaring kumatawan sa awtoridad at kapangyarihang ginagamit ni Cristo sa paghatol. Isang hayop na parang guya; maaaring kumatawan sa pag asa kay Cristo na magpapadala ng paghuhukom. Isang hayop na may mukha ng tao; maaaring kumatawan sa dinamika ng tao kung saan makikialam si Cristo sa paghuhukom. At ang isa ay tulad ng lumilipad na agila; ay maaring kumakatawan sa ang bilis na ipadadala ni Cristo ang Kanyang paghatol. Tulad ng napansin natin mula sa Banal na Kasulatan na ang apat na hayop ay nakatuon lamang sa pagsamba kay Cristo; pagbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian, karangalan at pasasalamat kay Cristo na nakaupo sa luklukan at mabubuhay magpakailanman habang isinasagawa Niya ang Kanyang paghatol. Ang pagbibigay ng karangalan kay Cristo ang pinakatuktok ng buod ng Kanyang paghatol na darating; na ang Kanyang pangalan ay luwalhatiin. Si Jesucristo sa luklukan ay ipinahayag bilang ang isa na nabubuhay magpakailanman; Ang kanyang kawalang hanggan bilang simula at wakas, ay ang diwa ng Pahayag ni JesuCristo.) ***10 Ang dalawangpu't apat na matatanda ay mangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at mangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan na nangagsasabi, 11 Marapat ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay nangagsilitaw, at nangalikha."*** (Ang parangal at pagsamba kay Cristo ay bilang isa na nabuhay magpakailanman, ang pasimula at ang wakas ay pinatuktuk ng Simbahan sa panahon ng rapture sa pakikipagtagpo sa Panginoon. Ang 24 na mga matatanda ay nagpatirapasa pagsamba sa paggalang kay Cristo bilang Dios, at bilang isa na nabuhay ng walang hanggan, ***", at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan"***, na ngangahulugang inilagay nila ang anumang kapangyarihan at parangak na mayroon sila na kumakatawan sa pamamagitan ng kanilang mga putong sa Kanyang kapangyarihan. Ipinapahayag ang Kanyang karapat dapat na tumanggap ng kaluwalhatian, karangalan at kapangyarihan, dahil Siya ang Lumikha ng lahat ng bagay, ang kapangyarihan ng simula at wakas, at dahil Siya ang humahatol sa lahat ng nilikha Niya ayon sa mga pamantayan ng Kanyang kasiyahan at kalooban). ***(Pahayag 4:1-11 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Mataimtim nating ingatan ang lahat ng ating nababasa at naririnig mula sa Kasulatan at mga paliwanag. Malapit na ang pagdating ni Cristo at kailangan nating taimtimin ang bagay na ito, upang maingat nating ihanda ang ating sarili para sa Kanyang pagdating, kaya kapag Siya ay pumarito kung gayo'y handa tayong sumama sa Kanya.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinagkaloob sa akin ng paghihikayat, pagwawasto at babala.*

*Ngayon lumapit sa Dios at ipagtapat ang talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, upang ikaw ay maging handa kapag si Cristo ay dumating upang kunin tayo kasama Niya sa Langit. Talikdan ang iyong kamunduhan, pagibig sa materyal na mga bagay, kasiyahan at katanyagan. Talikdan ang imoralidad, kasinungalingan, pagnanakaw, katamaran, at hindi pagkamasarili. Talikdan ang iyong pagdududa, kawalan ng pananampalataya, pakikisama sa mga hindi mananampalataya, pagpapakita ng masasamang halimbawa sa iba, ang iyong masamang pangangasiwa at hindi pagpayag na maglingkod sa Dios.*

*Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan* ________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay na mamuhay para sa iyo, ginagawa ang iyong kalooban at ang mabuting plano na mayroon ka sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbunga pa ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagdurusa, na ako'y magpapakita ng mabuting halimbawa sa iba, at makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Pangioon salamat para sa aking mga kapatid  na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na mabuhay para sa iyo. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan bilang ipinangako namin ang aming buhay para sa iyo at naayon sa iyong Salita at kalooban. Panginoon ihanda kami at pasakdalin kami upang kami'y maging handa para iyong pagdating upang makasalubong ka namin sa alapaap, Panginoon paging dapatin kami at buksan ang bagong pintuan para sa amin upang mag evangelio at magpatuloy at gumawa ng mga bagong alagad. Panginoon pangunahan kami na magsanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong  pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at angp pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 8. Mga Kabanata 1-4 ng Pahayag. Ikalawang Pagparito ni Cristo - Ang Masidhing Kagalakan. Pahayag 1-4. 2 Timoteo 3:12. 2 Corinto 5:9-10.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com